Katanungan at Kasagutan

Q1 “Ang taong responsable para sa isang negosyo” ba ay “may-ari ng kumikitang organisasyon”?

A 1 “Ang taong responsible sa isang negosyo” ay hindi lang ang kumikitang organisasyon kundi pati na rin ang mga nonprofit organization gaya ng opisina ng gobyerno, town council, NPO at iba pa.

Q2 Maaari ko bang ipahakot ang Industrial/Commercial waste sa junk dealer sa aming lugar?

A 2 Ang pangongolekta ng basura ay kailangang may autorisasyon ng munisipyo.
Hindi pinahihintulutan ang kahit na sino na mangolekta ng basura ng walang permiso.
At, ang magpatapon ng basura sa hindi autorisadong contractor ay ipinagbabawal ng batas.
At ito ay may kaparusahan ayon sa regulasyon.

Q3 Mapaparusahan ba ang taong responsible para sa isang negosyo kung siya ay gumawa ng ilegal na pagtatapon ng basura?

A 3 Ipinagbabawal ng batas ang ilegal na pagtatapon ng basura. Ang hindi maayos na pagtatapon ay papatawan ng pagkakakulong ng hanggang 5 taon o pagmultahin ng ¥10,000,000 o pareho.

Q4 Saan ako makakabili ng “dilaw na semi-transparent na plastic bag ng basura”?

A 4 Mabibili ito sa supermarket at home center sa Kawaguchi city.

Q5 Maaari ko bang sunugin ang sarili kong basura?

A 5 May regulasyon sa bagay na ito. Ang hindi maayos na pagsusunog ng basura paglabag sa batas.

Paglabag sa Regulasyon ng Paglilinis at Pagtatapon ng Basura

Kulong na hindi bababa ng 5 taon o hindi kaya ay multa na hindi bababa ng ¥10,000,000 o pareho. (Artikulo 25)

■Pagpapatapon ng basura sa hindi autorisadong contractor （Para.6）

- **Pagpapatapon sa hindi autorisadong contractor ng basura**

■Ilegal / Pagtatangkang Ilegal na pagtatapon ng basura（Para.14・Para.16）

- Hindi maayos na pagtatapon ng basura. Ilegal o tangkang ilegal na pagtatapon ng basura

■Paglabag o prohibisyon sa pagsusunog/tangkang pagsusunog（Para.15・Para.16）

- Ilegal na pagsusunog ng basura at tangkang pagsusunog ng basura

Tumawag sa ; Commercial Waste Disposal (Nihongo lamang)

○Commercial waste・・Seksyon Kapaligiran ng Kawaguchi, Mapagkukkunan ng Sirkulasyon TEL 048-228-5370

○Industrial waste・・ Seksyon Kapaligiran ng Kawaguchi, Panukalang Industriya Basura TEL 048-228-5380

○Lisensyadong contractor・・Saitama Prefecture, Asosasyon ng Promosyon ng Kapaligiran at Industriya https://saitama-sanpai.or.jp

MEMO

※Para sa detalye ay bumisita sa city’s web site.

Kawaguchi City Business Garbage Search

Paraan ng Pagtatapon ng Komersyal na Basura sa Kawaguchi City

○**Ang komersyal na basura ay hindi pinapahintulutang itapon sa pangkaraniwang tapunan ng basura** na kung tawagin ay “Garbage Station”.

- Ang taong responsable para sa isang negosyo ay kailangang itapon ang komersyal na basura ng tama at karapat-dapat.
- Anuman ang klase o dami gaya ng basurang mula sa empleyado tulad ng mga pambalot o upos ng sigarilyo at iba pa ay **hindi dapat itapon sa garbage “Station” na nasa gilid ng kalsada.**

【Tamang Pagtatapon ng Basura】



Pasilidad ng Tapunan ng Basura ng Syudad

- Tozuka Kankyo Center
- Asahi Kankyo Center
- Recycle Plaza

Tingnan sa pahina 3 para sa telepono at basurang tinatanggap.

Lisensyadong Contractor na Autorisado ng Munisipyo/Syudad

Tumawag sa: Saitama prefecture, Asosasyon ng Promosyon ng Kapaligiran at Industriya (Nihongo lamang)

https://saitama-sanpai.or.jp

Paghihiwalay ng Basura Ayon sa Uri



A Karaniwang Basura sa Bahay

・Mga basura sa kusina at mga papel mula sa aktibidad ng negosyo.

Hindi kasama ang Basurang Industriyal.

・Kung ang bahay ay kadikit ang tindahan o pabrika,

Basura mula sa tahanan galing sa tahanan ay itatapon sa “GOMI Station”

Komersyal na Basura galing sa negosyo ay hindi dapat itapon sa “GOMI Station”

B Basurang Industriyal

・**May 20 uri ng basura na nakasaad sa ibaba** galing sa mga ginagawa sa negosyo na tinutukoy na Basurang Industriyal

Sakop ang lahat ng gawain ng kumpanya			
1 Baga	2 Putik	3 Waste oil	4 Waste acid
5 Waste alkali	6 Waste plastic	7 Waste rubber	8 Scrap metal
9 Waste glass, concrete, ceramic	10 Abo	11 Gravel	12 Uling

Basura mula sa Natatanging Industriya

13 Papel na Basura ・・・ Konstruksyon※, Gumagawa ng papel, Dyaryo, Naglilimbag, Book-binding, Imprenta.

14 Kahoy na Basura・・・ Konstruksyon※, Gumagawa ng kahoy o produkto ng kahoy, muwebles, Pulp mill, Wholesaler ng imported na kahoy, Nagpaparenta ng gamit

15 Basurang Fiber ・・・ Konstruksyon※, Gumagawa ng Fiber

16 Basura sa tirang gamit sa hayop at halaman ・・・ Pagkain, gumagawa ng pabango at parmasyotiko

17 Dumi sa Pagkatay ng Hayop ・・・ Solid waste mula sa katayan ng hayop

18 Dumi ng Hayop ・・・ Stock farm, paalagaan ng hayop, rancho

19 Labi ng Hayop ・・・ Stock farm, paalagaan ng hayop, rancho

※Ang nabanggit na basurang papel, kahoy, fiber ay basura mula sa pagtatayo ng gusali, reconstruction, paggiba, at pagtanggal ng istruktura ng industriya ng konstruksyon.

○Basurang kabilang sa Basurang Industriyal maliban sa uri ng industriya

・Kahoy na basura ; pallet at basket gamit sa paghahakot

・Basurang papel, kahoy, at fiber ; mayroong kemikal na Polychlorinated biphenyl (PCB)

20 Basura galing sa proseso ng pagtatapon ng dumi na nakasaad mula sa 1-19.

※ Hindi maaaaring dalhin ang Basurang Industriyal sa pasilidad ng tapunan ng basura sa syudad.

Para sa tamang pagtatapon, tumawag sa「Saitama Prefecture, Asosasyon ng Kapaligiran at Industriya」（tingnan ang pahina 4）**at ipahakot sa lisensayadong contractor na autorisado ng syudad.**

Pagtatapon ng Komersyal na Basura

○Ang Komersyal na Basura, **ay dapat ilagay sa** **Yellow semi-transparent garbage bag**

○ **Bayad sa Pagtapon** **(¥２２０/１０kg) ang bayad depende sa bigat**

○Kung makikiusap sa lisensyadong **contractor na autorisado ng Munisipyo,**
ay may **Collection Fee** na babayaran. (Depende ang presyo sa contractor)

① Ipapahakot sa lisensyadong contractor ⇨ Magbabayad ng **Disposal Fee** at **Collection Fee**

・Tumawag at ipahakot sa Lisensyadong contractor na autorisado ng Munisipyo.

・Itanong ang presyo ng Disposal Fee at Collection Fee sa bawat contractor.

◎**(Tingnan ang nakalakip na listahan ng Lisensyadong Contractor na autorisado ng Munisipyo)**

② Dalhin ang basura sa City's Waste Disposal Plant ⇨ sisingilin ng Disposal Fee

・Dalhin ang Komersyal na Basura sa nakalistang planta **(Maliban sa Basurang Industriyal!)**

Planta ng Syudad	Basura	Oras ng Pagtanggap	Lugar	Telepono
Tozuka Kankyo Center	Pambahay at malaking basura	Monday-Friday (Sarado sa Pista Opisyal at Bagong Taon) 9:00 ～11:30 13:00～16:00 ※Disposition Fee ¥２２０/１０kg	Fujibeishinden ２９０	０４８－２９５－０１３１
Asahi Kankyo Center	Pambahay na basura		Asahi４-２１-３３	０４８－２２８－５３００
Recycle Plaza	Basura na narerecycle			０４８－２２８－５３０６

○Pagtatapon ng Basura na narerecycle

・Maaaring dalhin ang basura na narerecycle gaya ng lata at bote ng juice na ginamit ng empleyado matapos hugasan at ihiwalay ito ayon sa uri.

・Ang **recyclable garbage** ay sisingilin ng **Disposal Fee ; ¥220/10kg.**

Mga recyclable garbage na personal na itinapon ng mga empleyado.

Lata

Bote

PET bottle

Plastic container at wrapper na plastic (na may markang ganito)

Papel na Basura(dyaryo)

Nakatali ng pisi.

Ang basura mula sa kumpanyang nag-iimprenta ay dapat itapon bilang **basurang industriyal.**

(※Tingnan ang pahina 2, "Papel na basura")